Form No. PYSEDO-03
Dec. 2015
Rev. 00



REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN
Lungsod ng Malolos

**PANLALAWIGANG TANGGAPAN NG KABATAAN, ISPORTS AT *PUBLIC EMPLOYMENT SERVICE OFFICE***

Oktubre 2, 2018

SDO OF BULACAN
RECEIVED
OCT 04 2018
By: 3262

**DR. ZENIA G. MOSTOLES, CESO V**
Panlalawigang Tagapamanihala
Kagawaran ng Edukasyon
Lalawigan ng Bulacan

Mahal na **Dr. Mostoles**:

Isang mainit na pagbati!

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa pamamagitan ng Panlalawigang Tanggapan ng Kabataan, Isports at Public Employment Service Office (PYSPESO) ay magsasagawa ng "**Araw ng Pagkilala at Pagpapahalaga sa mga Natatanging Kabataan sa Bulacan**" o ang "**Gintong Kabataan Awards**" para sa taong 2018. Layunin po nito na bigyang pagkilala ang mga Kabataang Bulakenyo na naging mahusay sa larangang kanilang kinabibilangan. Ito ay gaganapin sa ika-19 ng Oktubre, 2018, Biyernes, ganap na ika-12:30 ng hapon sa The Pavilion, Hiyas ng Bulacan Convention Center, Capitol Compound, Lungsod ng Malolos, Bulacan.

Kaugnay nito, magalang naming inaanyayahan ang isang daang (100) mag-aaral ng *Grade 10, 11, 12 - Top Ten Student* mula sa mga Mataas na Paaralan sa inyong dibisyon.

Para sa mga katanungan o kumpirmasyon, maaari ninyong tawagan si Gng. Ma. Leonora DR. De Dios sa telepono bilang 0923.204.0939.

Pauna na ang aming pasasalamat at inaasahan namin ang inyong positibong tugon sa aming paanyaya.

Sumasainyo,

**ELIZABETH L. ALONZO**
Pinuno

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon III-Gitnang Luzon
**TANGGAPANG PANSANGAY NG BULACAN**
Bakuran ng Kapitolyo, Lungsod ng Malolos

Oktubre 09, 2018

Sa: Mga Sumusunod na Punong-Guro ng Pampublikong Paaralang Sekundarya:

Bajet-Castillo High School
Calumpit National High School
Doña Candelaria Meneses Duque High School
San Roque National High School
San Pedro High School
Dr. Felipe De Jesus National High School
Jaime J. Vistan High School
Dampol 1st National High School
Felizardo C. Lipana High School
Guiguinto National Vocational High School

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa pamamagitan ng Tanggapan ng Pagpapaunlad ng Kabataan, Isports at Public Employment Service Office (PYSPESO) ay muling magsasagawa ng taunang *"Araw ng Pagkilala at Pagpapahalaga sa mga Natatanging Kabataan sa Bulacan"* na nagpamalas ng katangi-tanging husay at galing sa iba't-ibang larangan o ang *GINTONG KABATAAN AWARDS (GKA)*. Ito ay gaganapin sa ika-19 ng Oktubre, 2018, Biyernes, ganap na ika-12:30 ng hapon sa The Pavilion, Hiyas ng Bulacan Convention Center, Capitol Compound, Lungsod ng Malolos, Bulacan.

Kaugnay nito ay hinihiling na magpadala ang mga paaralang inaanyayahan ng sampung (10) natatanging mag-aaral na maaaring magmula sa Grade 10, 11 o 12 na sasamahan ng isang guro upang saksihan ang naturang pagpaparangal. Ang liham-pahintulot ng kanilang mga magulang ay kinakailangang maibigay ng mga dadalong batang mag-aaral.

Para sa kabatiran at pagtalima ng lahat ng kinauukulan.

Lubos na sumasainyo,

**ZENIA G. MOSTOLES, Ed. D., CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

*Liham Pansangay Blg.* 215 *, s. 2018*